# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 57*
# *Lubusin Gawin upang Panatilihin ang Iyong Pangalan sa Aklat ng Buhay*

Mula nang panahong tayo'y naligtas tayo ay natatakan na ng Banal na Espiritu at ang ating pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay. Gayundin ang Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkol sa Aklat ng Buhay na bilang tayo'y naligtas ang ating pangalan ay nakasulat na doon. Ganon din, ang Bibliya ay nagsasabi na kapag ang mga tao'y nagkasala at patuloy sa kanilang mga paraan ng kasalanan ang kanilang pangalan ay mapapawi. Ating basahin ngayon ang ilan sa Banal na Kasulatan na nagsasabi tungkol sa pangalan na nakasulat sa aklat ng buhay at ang pangalan ay papawiin:

***"33 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Ang magkasala laban sa akin ay siya kong aalisin sa aking aklat." (Exodu 32:33)*** Sa mga ayaw tumigil sa kanilang mga kasalanan aalisin sila mula sa aklat ng buhay.

***"20 Ay hindi siya patatawarin ng Panginoon, kundi ang galit nga ng Panginoon at ang kaniyang paninibugho ay maguusok laban sa taong yaon, at ang lahat ng sumpa na nasusulat sa aklat na ito ay hihilig sa kaniya, at papawiin ng Panginoon ang kaniyang pangalan sa silong ng langit." (Deutronomio 29:20)*** Mayroon sa mga nakakaalam ng kanilang mga kasalanan, bagkus walang ginagawa sa mga ito upang pagsisihan, ang kanilang pangalan ay papawiin mula sa aklat ng buhay.

***"28 Mapawi sila sa aklat ng buhay, at huwag masulat na kasama ng matuwid." (Awit 69:28)*** Sa mga nasa ganoon ito ay hindi makatarungan o matuwid upang panatilihin ang kanilang pangalan kasama ng matuwid sa aklat ng buhay.

***"20 Gayon ma'y huwag ninyong ikagalak ito, na ang mga espiritu ay nagsisisuko sa inyo; kundi inyong ikagalak na nangasusulat ang inyong mga pangalan sa langit." (Lucas 10:20)*** Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad at maging sinasabi Niya sa atin ngayon na magalak sapagkat ang ating mga pangalan ay nangasusulat sa Langit, sa aklat ng buhay.

***"3 Oo, ipinamamanhik ko rin naman sa iyo, tapat na kasama sa pagtulong, na iyong tulungan ang mga babaing ito, sapagka't sila'y nangagpagal na kasama ko sa evangelio, at kasama rin naman ni Clemente, at ng ibang aking mga kamanggagawa, na ang kanilang pangalan ay nangasa aklat ng buhay." (Filipos 4:3)*** Dito si Apostol Pablo ay binanggit ang katuruan sa mga nagpakapagal para sa Panginoon ang kanilang pangalan ay nakasulat sa aklat ng buhay. Ating panatilin ang ating mabuting gawa at pagpapagal para sa Panginoon upang ang ating mga pangalan ay hindi mapawi mula sa aklat ng buhay.

Sinabi ni Jesus, ***"5 Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel." (Pahayag 3:5)*** Samakatuwid, kailangan nating magtiyaga at panatiling magsikap hanggang sa wakas upang mapanatili ang ating mga pangalan sa aklat ng buhay.

Kaya dito mula sa halimbawa ng ating binasa mayroon posibilidad ng pagpawi ng pangalan mula sa aklat ng buhay kung hindi tayo mabubuhay sa inaasahan ng Banal na Kasulatan at sa kalooban ng Dios gaya ng nais ng Dios mula sa atin.

Ang Panginoong Dios ay sinalita sa Kanyang mga Salita at ginawa ang Nakasulat na Salita din sa Bibliya. Ang Salita ng Dios ay hindi magbabago, ang sinabi ng Panginoong Jesus: ***"47 At kung ang sinomang tao'y nakikinig sa aking mga pananalita, at hindi ingatan, ay hindi ko siya hinahatulan: sapagka't hindi ako naparito upang humatol sa sanglibutan, kundi upang iligtas ang sanglibutan. 48 Ang nagtatakuwil sa akin, at hindi tumatanggap sa aking mga pananalita, ay mayroong isang hahatol sa kaniya: ang salitang aking sinalita, ay siyang sa kaniya'y hahatol sa huling araw." (Juan 12:47-48)*** Ang paghatol ng Dios ay darating ayon sa Salita na sinalita ni Jesus sa atin. Sa gayon, ang Panginoong Jesus ay nagbigay ng responsibilidad sa atin bilang isang simbahan upang ipahayag ang Kanyang katotohanan at ang Kanyang Salita sa buong sangkalupaan; na yumaon at gumawa ng mga alagad gaya ng Kanyang itinagubilin sa atin: ***"19 Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo: 20 Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan." (Mate 28:19-20)*** Inutusan Niya tayo upang marinig ng mga tao ang Kanyang Salita at ayon sa kanilang pagtugon ay hahatulan sila ng Dios. Sa paggawa ng mga disipulo kasama ng pagtuturo, pagpapayo, pagpapabautismo, pagaalaga, at pagpapayo ng naayon sa nakasulat na Salita ng Dios ng katotohanan. Inilagay ng Panginoong Dios ang responsibilidad sa lahat ng simbahan hindi lamang magturo kundi ipahayag ang Kanyang Salita at panatilihin kung ako ang matuwid at tama sa paningin ng Dios upang ang pangalan ng naligtas ay hindi mapawi mula sa Aklat ng Buhay.

Kapag ang kasalanan ay hinayaan at hindi hinatulan, ang iba ay maari gumawa ng katulad. Sa gayon, tayo bilang simbahan ay responsable upang patuloy suriin ang espirituwal na kagalingan ng lahat ng mga kasapi upang ang kasalanan at maling gawain o mga bagay na hindi kalugod lugod sa Dios at salungat sa Kanyang Salita ay hindi makapasok sa Kanyang simbahan. Kaya naman nakikita mo kaming nagsisiyasat sa kapatiran at alamin ang mga paraan upang tulungan silang lumago at maiharap silang ganap kay Cristo.

Ang sumusunod ay ang mga pangyayari sa Bibilya na nagsasabi sa atin sa ilalim ng mga kalagayan at kondisyon na papawiin ng Dios mula sa Aklat ng Buhay ang pangalan mg mga tao na patuloy na nabigong tumalima sa Kanya.

***1. <u>Sa pananagutan ng gintong baka</u>:*** Habang si Moses ay nasa bundok kasama ng Panginoon apat na pung araw at apat na pung gabi ng pagaayuno, hinikayat ng mga tao si Aaron na gumawa ng isang dios-diosan at gumawa siya ng isang idolo sa anyo ng isang gintong

baka, isang bagay na karumal dumal sa Panginoon. Samakatuwid, nang si Moses ay bumaba at nakita ang bayan ng Dios na kanyang inilabas sa Egipto ay nasangkot sa pagsamba sa dios-diosan, pagsasayaw, pagsasaya, pagkakatuwaan, at sila'y hubad, gumawa siya ng marahas na hakbang upang pigilin ang sitwasyon, sinira niya ang dios-diosan, ginawa itong pulbos, ikinalat sa tubig, at pinainom ito sa mga tao. Si Moises, bukod dito ay, nilinis ang mga tao at pinanumbalik sila sa plano ng Dios. Hinamon ni Moises ang buong pamayanan na tumalima sa Dios. ***"26 Ay tumayo nga si Moises sa pintuang-daan ng kampamento, at nagsabi, Sinomang sa Panginoon ang kiling ay lumapit sa akin. At lahat ng mga anak ni Levi ay nagpipisan sa kaniya." (Exodu 32:26)*** Mula sa buong pamayanan ng bayan ng Dios ang mga Levita lamang ang tumugon, at sa gatyo'y inutusan niya sila. ***"27 At sinabi niya sa kanila, Ganito ang sabi ng PANGINOONG DIOS ng Israel: Ipatong ng bawa't lalake ang kaniyang tabak sa kaniyang hita, at yumaon kayong paroo't parito sa mga pintuang-daan, sa buong kampamento, at patayin ng bawa't lalake ang kaniyang kapatid na lalake, at ng bawa't lalake ang kaniyang kasama, at ng bawa't lalake ang kaniyang kapuwa. 28 At ginawa ng mga anak ni Levi ang ayon sa salita ni Moises: at nabuwal sa bayan ng araw na yaon, ang may tatlong libong katao." (Exodu 32:27-28)*** Bilang sila'y tumalima sa kautusan ng Dios sa pamamagitan ni Moises, at handang patayin ang mga sumuway kahit na sila'y mga kanilang kapatid, pinagpala sila ng Dios. ***"29 At sinabi ni Moises, Italaga ninyo ang inyong sarili ngayon sa Panginoon, oo, bawa't lalake laban sa kaniyang anak na lalake, at laban sa kaniyang kapatid na lalake, upang kaniyang ipagkaloob sa inyo ang pagpapala sa araw na ito." (Exodu 32:29)*** Ang mga Levita nang sila'y hinamon upang tumalima sa Dios, kanilang iniwan ang mga taong kasama nila, kahit sariling nilang mga kapatid, at sila'y tumalima sa tawag ng Dios, at dahil doon pinagpala sila ng Dios.

Nais ng Dios sa atin na maging matapang at tapat sa ating dedikasyon sa paglilingkod sa Kanya at sa pagharap sa mga tao na ipinagkatiwala sa ating pangangalaga. Sinabi ni Jesus, ***"28 At huwag kayong mangatakot sa mga nagsisipatay ng katawan, datapuwa't hindi nangakakapatay sa kaluluwa: kundi bagkus ang katakutan ninyo'y yaong makapupuksa sa kaluluwa at sa katawan sa impierno." (Mateo 10:28)*** Kaya naman kailangan nating maging matatag, huwag matakot at manindigan sa Dios laban sa kasalanan.

Kung ano ang ginawa ni Moises at ng mga Levita para sa Dios ay nagpapaalala sa atin sa kung anong sinabi ni Jesus nang inutusan niya ang Kanyang mga alagad at sa atin ngayon: ***"32 Kaya't ang bawa't kumikilala sa akin sa harap ng mga tao, ay kikilalanin ko naman siya sa harap ng aking Ama na nasa langit. 33 Datapuwa't sinomang sa aki'y magkaila sa harap ng mga tao, ay ikakaila ko naman siya sa harap ng aking Ama na nasa langit.34 Huwag ninyong isiping ako'y naparito upang magdala ng kapayapaan sa lupa: hindi ako naparito upang magdala ng kapayapaan, kundi tabak. 35 Sapagka't ako'y naparito upang papagalitin ang lalake laban sa kaniyang ama, at ang anak na babae laban sa kaniyang ina, at ang manugang na babae laban sa kaniyang biyanang babae: 36 At ang magiging kaaway ng tao ay ang kaniya ring sariling kasangbahay.37 Ang umiibig sa ama o sa ina ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin; at ang umiibig sa anak na lalake o anak na babae ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin." (Mateo 10:32-37)***

Pagbabalik sa pangyayari sa ***Exodu 32*** ating basahin ang susunod sa kung ano isinamo at idinalangin ni Moises sa Panginoon upang patawarin ang mga tao at kung ano ang isinagot ng Dios sa kanya: ***"30 At nangyari ng kinabukasan, na sinabi ni Moises sa bayan, Kayo'y nagkasala ng malaking kasalanan: at ngayo'y sasampahin ko ang Panginoon; marahil ay aking matutubos ang inyong kasalanan. 31 At bumalik si Moises sa Panginoon, at nagsabi, Oh, ang bayang ito'y nagkasala ng malaking kasalanan, at gumawa sila ng mga dios na ginto. 32 Gayon ma'y ngayon, kung iyong ipatatawad ang kanilang kasalanan; at kung hindi, ay alisin mo ako, isinasamo ko sa iyo, sa iyong aklat na sinulat mo. 33 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Ang magkasala laban sa akin ay siya kong aalisin sa aking aklat. (Exodu 32:30-33)*** Malinaw sa mga patuloy sa kanilang kasalanan at ayaw tumalikod mula sa kanilang maling paggawa ipinahayag ng Dios kay Moises na papawiin Niya ang kanilang pangalan mula sa Kanyang aklat, ang aklat ng buhay. Tayo bilang simbahan kailangan nating maging matatag na sa mga nagpapatuloy sa kanilang mga kasalanan at maling mga ginagawa kailangan nating ipahayag sa kanila na ang kanilang pangalan ay mapapawi mula sa aklat ng buhay kung sila'y hindi magsisisi. Ito ay kailangan nating gawin marahil sila'y matatakot sa Diyos at sa Kanyang paghatol at maaring magsisi.

***2. <u>Sa pagsalaysay ni Moises sa mga Israelita</u>:*** Sa bukana ng Lupang Pangako si Moises ay nagsalita sa bayan ng Dios, at sinabi. ***"18 Baka magkaroon sa gitna ninyo ng lalake, o babae, o angkan, o lipi, na ang puso'y humiwalay sa araw na ito, sa Panginoon nating Dios, na yumaong maglingkod sa mga dios ng mga bansang yaon; baka magkaroon sa gitna ninyo ng isang ugat na nagbubunga ng nakakalason at ng ajenjo; 19 At mangyari, na pagka kaniyang narinig ang mga salita ng sumpang ito, na kaniyang basbasan ang kaniyang sarili sa kaniyang puso, na magsabi, Ako'y magkakaroon ng kapayapaan, bagaman ako'y lumalakad sa pagmamatigas ng aking puso upang ilakip ang paglalasing sa kauhawan: 20 Ay hindi siya patatawarin ng PANGINOON, kundi ang galit nga ng PANGINOON at ang kaniyang paninibugho ay maguusok laban sa taong yaon, at ang lahat ng sumpa na nasusulat sa aklat na ito ay hihilig sa kaniya, at papawiin ng PANGINOON ang kaniyang pangalan sa silong ng langit. 21 At ihihiwalay siya ng PANGINOON sa lahat ng mga lipi sa Israel sa kasamaan, ayon sa lahat ng mga sumpa ng tipan na nasusulat sa aklat na ito ng kautusan." (Deutronomio 29:18-21)***

Malinaw nating mapagtatanto ang ating responsibilidad at ang ating pananagutan bilang simbahan nang sinabi ni Moises: ***"18 Baka magkaroon sa gitna ninyo ng lalake, o babae, o angkan, o lipi, na ang puso'y humiwalay sa araw na ito, sa Panginoon nating Dios, na yumaong maglingkod sa mga dios ng mga bansang yaon; baka magkaroon sa gitna ninyo ng isang ugat na nagbubunga ng nakakalason at ng ajenjo;" (Deutronomio 29:18)*** Dapat nating tukuyin ang kasalanan ng malinaw at huwag hayaan ang anumang maling gawain kung saan hindi malinaw na tinukoy ang kasalanan. Kailangan nating ituro ang kasalanan at sawayin ang mga makasalanan sapagkat ang ganoong mga tao ay hihiwalay mula sa Salita ng Dios at sa mga utos ay maghihikayat sa iba at magtaguyod ng maling gawain sa loob ng katawan ni Cristo. Anumang kasalanan sa simbahan kung saan hindi nalutas ay isang ugat na magbubunga ng mapait na lason at makakaapekto sa ibang mga kasapi ng simbahan at mga manggagawa at makakapinsala sa buong katawan ni Cristo. Nang kanyang sinabi, ***"na ang puso'y humiwalay sa araw na ito, sa Panginoon nating Dios, na yumaong maglingkod sa mga dios ng***

***mga bansang yaon;"*** ay kapag ang bayan ng Dios ay sumunod sa huwaran ng sanglibutang ito sa kanilang pamumuhay ng pagpapakitang gilas, pagmamalaki, walang humpay na pagwawaldas, at sa pagdiriwang ng mga dios-diosang mga bagay, gaya ng pagdiriwang ng mga kaarawan, Pasko, Bagong Taon, Halloween, Araw ng mga Puso, Araw ng Ama, Araw ng Ina, atbp.

Sa Bagong Testamento, kabaligtaran sa nasa itaas na Kasulatan ay nakasulat sa aklat ng Hebreo 12:15, ***"15 Na pakaingatan na baka ang sinoma'y di makaabot sa biyaya ng Dios; baka kayo'y bagabagin ng anomang ugat ng kapaitan na sumisibol, at dahil dito'y mahawa ang marami;" (Hebreo 12:15)*** Muli inilagay ng Dios ang responsibilidad sa simbahan upang payuhan ang tao na nasa kasalanan na maligtas at ang kasalanan ay hindi kumalat at makaapekto sa iba. Ating basahin ang kagaya sa aklat ng Santiago, ***"19 Mga kapatid ko, kung ang sinoman sa inyo ay nalilihis sa katotohanan, at siya'y papagbaliking loob ng sinoman; 20 Ay alamin nito na ang nagpapabalik-loob ng isang makasalanan, mula sa kamalian ng lakad niya ay magliligtas ng isang kaluluwa sa kamatayan, at magtatakip ng karamihang kasalanan." (Santiago 5:19-20)*** Dapat sawayin ng simbahan ang mga makasalanan na sila'y maaring magsisi at bumalik sa Dios. Gayundin ang simbahan ay hindi dapat panatilihin ang mga makasalanan ng walang pagtutuwid sa loob ng simbahan.

Mayroong mga kasapi ng simbahan na pupunta lamang upang marinig ang mensahe iniisip na matatangap nila ang mga pagpapala mula sa Dios hanggat naririnig nila ang Salita ng Dios. Ngunit yaon ay hindi tama; kung kanilang narinig ang mensahe ng Dios at hindi nagsisi at tumugon sa kung anong nais na gawin ng Dios sa kanila, sa gayon kanilang inilalagay ang kanilang mga sarili sa panganib at sa ilalim ng paghatol at sumpa gaya ng ating babasahin. ***"19 At mangyari, na pagka kaniyang narinig ang mga salita ng sumpang ito, na kaniyang basbasan ang kaniyang sarili sa kaniyang puso, na magsabi, Ako'y magkakaroon ng kapayapaan, bagaman ako'y lumalakad sa pagmamatigas ng aking puso upang ilakip ang paglalasing sa kauhawan: 20 Ay hindi siya patatawarin ng Panginoon, kundi ang galit nga ng Panginoon at ang kaniyang paninibugho ay maguusok laban sa taong yaon, at ang lahat ng sumpa na nasusulat sa aklat na ito ay hihilig sa kaniya, at papawiin ng Panginoon ang kaniyang pangalan sa silong ng langit. 21 At ihihiwalay siya ng Panginoon sa lahat ng mga lipi sa Israel sa kasamaan, ayon sa lahat ng mga sumpa ng tipan na nasusulat sa aklat na ito ng kautusan." (Deutronomio 29:19-21)***

Tayo bilang simbahan ay kailangang payuhan ang ganoong mga tao upang ang poot ng Dios ay mawala mula sa kanila kung sila'y magsisisi. Sa parehong paraan kapag pinayuhan natin ang mga makasalanan sa mga utos ng Dios, ang ating mga sarili ay malaya mula sa poot ng Dios at galit dahil ginawa natin ang ating tungkulin.

Gayunpaman ito ang sinabi ng Dios tungkol sa mga duminig ng Salita ng Dios at pagkatapos itinapon lamang ang mga Salita sa kanilang likuran: ***"16 Nguni't sa masama ay sinasabi ng Dios, Anong iyong gagawin upang ipahayag ang aking mga palatuntunan, at iyong kinuha ang aking tipan sa iyong bibig? 17 Palibhasa't iyong kinapopootan ang pagtuturo, at iyong iniwawaksi ang aking mga salita sa likuran mo." (Awit 50:16-17)*** Kanilang narinig ang mensahe ngunit kanilang itinapon sa kanilang likuran, kaya, walang kaligtasan para sa gayong mga tao maliban sila'y magsisi.

***3. <u>Sa pagkikipagtagpo kay Simon, ang manggagaway</u>:*** Ang isang pang pangyayari sa Bibliya na nagbigay sa atin ng higit na kaalaman kapag pinawi ng Dios ang pangalan ng mga nagpapatuloy sa paggawa ng kasalanan ay ang kwento tungkol kay Simon, ang manggagaway na naging mananampalataya sa pagpapangaral ni Felipe sa Samaria, ***"9 Datapuwa't may isang tao, na nagngangalang Simon, na nang unang panaho'y nanggagaway sa bayan, at pinahahanga ang mga tao sa Samaria, at nagsasabing siya'y isang dakila: 10 Na siyang pinakikinggan nilang lahat, buhat sa kaliitliitan hanggang sa kadakidakilaan, na sinasabi, Ang taong ito ang siyang kapangyarihan ng Dios na tinatawag na Dakila. 11 At siya'y pinakinggan nila, sapagka't mahabang panahong pinahahanga niya sila ng kaniyang mga panggagaway. 12 Datapuwa't nang magsipaniwala sila kay Felipe na nangangaral ng mabubuting balita tungkol sa kaharian ng Dios at sa pangalan ni Jesucristo, ay nangabautismuhan ang mga lalake't mga babae. 13 At si Simon man ay naniwala rin: at nang mabautismuhan na, ay nanatili siyang kasama ni Felipe; at nang makakita ng mga tanda at ng mga dakilang himalang ginawa, ay napahanga siya.14 Nang mabalitaan nga ng mga apostol na nangasa Jerusalem na tinanggap ng Samaria ang salita ng Dios, ay sinugo nila sa kanila si Pedro at si Juan: 15 Na nang sila'y makalusong, ay ipinanalangin nila sila, upang kanilang tanggapin ang Espiritu Santo. 16 Sapagka't ito'y hindi pa bumababa sa kanino man sa kanila: kundi sila'y nangabautismuhan lamang sa pangalan ng Panginoong Jesus. 17 Nang magkagayo'y ipinatong sa kanila ang kanilang mga kamay, at kanilang tinanggap ang Espiritu Santo. 18 Nang makita nga ni Simon na sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng mga apostol ay ibinigay ang Espiritu Santo, ay inalok niya sila ng salapi, 19 Na sinasabi, Bigyan naman ninyo ako ng kapangyarihang ito, upang sinomang patungan ko ng aking mga kamay, ay tumanggap ng Espiritu Santo. 20 Datapuwa't sinabi sa kaniya ni Pedro, Ang iyong salapi'y mapahamak na kasama mo, sapagka't inisip mong tamuhin ang kaloob ng Dios sa pamamagitan ng salapi. 21 Wala kang bahagi ni kapalaran man sa bagay na ito: sapagka't ang puso mo'y hindi matuwid sa harap ng Dios. 22 Magsisi ka nga sa kasamaan mong ito, at manalangin ka sa Panginoon, baka sakaling ipatawad sa iyo ang pagiisip ng iyong puso. 23 Sapagka't nakikita kong ikaw ay nasa apdo ng kapaitan at sa tali ng katampalasanan. 24 At sumagot si Simon at sinabi, Ipanalangin ninyo ako sa PANGINOON, upang huwag mangyari sa akin ang alin mang bagay sa mga sinasabi ninyo." (Mga Gawa 8:9-24)*** Nakilala ni Pedro ang puso ni Simon ay hindi matuwid sa Dios dahil iniisip niya na kayang niyang bilhin ng salapi ang kaloob ng Banal na Espiritu ng Dios. Nakilala ni Pedro na siya ay may apdo ng kapaitan na ating mababasa sa bersekulo 23, at ajenjo sa ***Deutronomio 29:18*** at ang ugat ng kapaitan na ating mababasa sa ***Hebreo 12:15***. Si Simon ay totoong siya ay isang manggagaway at naging mananampalataya at nabautismuhan ng tubig, ngunit siya ay hindi napagbagong loob at ang kanyang puso pa rin ay puno ng kapaitan at isang alipin ng pagmamataas at pagmamalaki. Sinaway ni Pedro si Simon upang palayaan siya mula sa kasalanan ng pagganid, maling motibo, pagmamalaki, pagpapakitang gilas, pagibig sa kapangyarihan at kapaitan at upang iiwas ang iba sa pagkabulok.

Maraming bilang ng mga tao sa Bagong Testamento ng simbahan maging sa mahabang panahon sila'y mananampalataya at sila'y naglilingkod sa Panginoon, ngunit sila'y mayroong hindi matuwid na puso at maling motibo sa paglilingkod at sa ministerio; yaon ay dahil sila'y hindi ganap na nagpabagong loob, Ang tungkulin ng simbahan ay upang tulungan ang mga tao na makawala mula sa kanilang maling ginagawa, ipapakita sa kanila na makita ang kanilang mga kasalanan, at tulungan silang maunawaan ang mas maayos ang mga daan ng Dios, at ang plano ng Dios na mayroon Siya para sa kanila at para din ipadama sa kanila ang pagibig ng Dios upang makita nila ang daan upang magsisi, manumbalik sa Dios at lumakad ng may pagpapakumbaba sa Kanya at maglingkod sa Kanya sa tamang daan.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang Panginoon ay maaring bumalik sa anumang oras, ganong din ang iyong buhay ay maaring matapos sa anumang oras. Ang tanong ay ganito? Handa kana ba sa ganoong pangyayari? Handa kana ba na katagpuin ang Panginoon? Ang iyo bang buhay ay tama at malinaw sa Dios?

Tayo ay matakot sa Dios at patuloy lubusing gawin ang ating kaligtasan ng may takot at panginginig. Tayo ay lumapit sa Dios at sa Kanyang tunay na pagibig, nalalaman at batid na ang ating pangalan ay nangasusulat sa Langit, sa aklat ng buhay at kailangan nating ingatan at panatilihin ang mga ito doon sa pamumuhay ng matuwid na buhay pagsunod sa Banal na Kasulatan at kung anong itinakda para sa atin na gawin at mabuhay para sa Dios.

Kung ikaw ay wala sa tamang daan gaya ng ating tinalakay ngayon sa mensahe, namumuhay sa kasalanan, patuloy sa paggawa ng mali, ikaw ay mayroong mapait na ugat at ikaw ay nasa maling motibo at ang iyong puso ay hindi matuwid sa Dios, sa gayo'y ngayo'y tinatawag ka ng Dios upang bumalik sa Kanya at magsisi sa iyong mga kasalanan at magsimula ng isang magandang simulain sa Kanya.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios ako ay lumalapit sa pangalan ni Jesus na namatay sa Krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita na ipinakita sa akin ng malinaw na kailangan kong mamuhay sa kabanalan at katuwiran upang ang aking pangalan ay hindi mapawi mula sa aklat ng buhay.*

*Ipahayag ang iyong mga kasalanan at talikuran ang mga ito. Panginoon ipinagtatapat at tinatalikdan ko ang sumusunod na mga kasalanan , Panginoon tinatalikdan ko ang sumusunod na makalaman at makamundong pagnanais . Panginoon tinatalikdan ko ang paggawa ng aking sariling kalooban. Panginoon tinatalikdan ko ang maling motibo, kapaitan, paninibugho, pagmamalaki, at pagsasamantala ng iyong biyaya.*

*Panginoon ipinapangko ko ang aking sarili na hayaan ang bunga ang Banal na Espiritu, pagibig, kagalakan, kapayapaan, kababaang loob, pagpipigil sa sarili, pagpapahinuhod, pagtitiyaga, mahabang pagtitiis, pananampalataya at katapatan na makita sa aking buhay at magpatuloy at maglingkod sa iyo sa mas mabuting paraan sumasalamin sa katangian ni Jesus sa aking buhay sa gayo'y makita ka ng iba sa aking buhay.*

*Panginoon, dalangin ko para sa amin bilang isang simbahan na tulungan kami na masubaybayan at pangalagagan ang espirituwal ng aming mga kasapi at tingnan ang kanilang buhay upang lumago sa iyong pagibig at sa pagtalima sa iyong kalooban. Panginoon tulungan mo kaming abutin ang mga makasalanan at mga tumalikod at tulungan silang bumalik sa iyo at may wastong pang-unawa upang sila'y manumbalik at simulang maglingkod sa iyo.*

*Panginoon, dalangin namin na muli mo kaming puspusin iyong pagibig at ng iyong Banal na Espiritu at yaon ay papaging dapatin sa amin na gawin ang ministeriong ito ng pagibig, pagkakasundo, at pagpapanumbalik at tulungan mo kaming abutin ang bagong bayan, bagong mga lugar, at magtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at palayain kami sa pinsala sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 57. Lubusing Gawin upang Panatilihin ang iyong Pangalan sa Aklat ng Buhay. Exodu 32:33. Deutronomio 29: 20. Awit 69: 28. Lucas 10:20. Filipos 4:3. Pahayag 3:5. Juan 12:47-48. Mateo 28:19-20. Exodu 32: 26-29. Mateo 10:28. Mateo 10: 32-37. Exodu 32: 30-33. Deutronomio 29: 18-21. Hebreo 12:15. Santiago 5:19-20. Awit 50:16-17. Mga Gawa 8:9-24.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316201 4
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.